

Biktima ng Krimen Bayad sa Pinsala



Pinapatibay namin ang mga pamayanan

Ano ang bayad sa pinsala sa biktima ng krimen (CVC)?

Ang CVC ay isang programa sa loob ng **Labor and Industries (L&I)** na nagbibigay ng mga mapagkukunan sa mga indibidwal na maaaring napinsala o na-trauma bilang isang resulta ng isang marahas na krimen sa Estado ng Washington.

Available ang mga aplikasyon sa siyam na wika: [Mga Form at Publikasyon ng Mga Biktima ng Krimen \(wa.gov\)](#).

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa CVC at sa aplikasyon tumawag sa 1-800-762-3716 (walang bayad, available ang mga interpreter) o bisitahin ang <https://lni.wa.gov/claims/crime-victim-claims/apply-for-crime-victim-benefits/>.

Kabilang sa mga Gastos na Sagot ng CVC ang¹:

- Mga gastos na hindi saklaw ng ibang insurance (mga co-pay, deductible, atbp.)
- Mga gastos sa libing
- Pagpapayo sa kalungkutan
- Mga medikal na forensic na pagsusuri para sa mga kaso ng sexual assault at/o mga kaso ng karahasan ng pagsasakal sa tahanan (*ang serbisyong ito ay hindi nangangailangan ng isang ulat sa nagpapatupad ng batas*)
- Medikal at dental na paggamot
- Mga gamot
- Paggamot sa kalusugang pangkaisipan
- Kapalit ng bahagyang pagkawala ng sahod

Sino ang Pwedeng Mag-apply?

Ang mga indibidwal na:

- Nakaranas ng **pisikal na pinsala o trauma sa kalusugan sa pag-iisip** bilang resulta ng matinding paglabag o isang mabigat na krimen sa Estado ng WA
- Nag-ulat ng krimen sa nagpapatupad ng batas
- Nagsumite ng isang napapanahong aplikasyon sa CVC

Para sa karagdagang detalye sa paghahain ng mga kinakailangan at impormasyon: [Sino ang Maaaring Maghain at Ano ang Nasasaklaw \(wa.gov\)](#)

Maaari bang Mag-apply ang mga Dayuhan, Imigrante?

Oo, ang mga dayuhan, imigrante at mga indibidwal na walang katayuan ng dokumentasyon ay maaaring mag-apply.

- Hindi kinakailangan ang isang social security number
- Walang mga tanong tungkol sa katayuan ng dokumentasyon o imigrasyon
- Ang (mga) krimen ay kailangang nangyari sa Estado ng Washington
- Ang bawat estado ay may mga programa ng CVC

Paano Kung Nangyari ang Krimen Sa Matagal Nang Panahon?

- Ang isang paglalarawan ng karanasan (krimen) ay maaaring ibigay sa aplikasyon kung walang matibay na petsa ng insidente. *Hindi nangangailangan ang CVC ng isang ulat sa pulisya.*

Paano Kung Nangyari ang Krimen Ilang Taon Na ang Nakalipas, pero Bago Lang Ibinunyag ng Biktima?

- Tatasahin ng CVC ang natatanging (mga) karanasan ng mga indibidwal na may kaugnayan sa pag-uulat ng insidente.

¹ Ang CVC ay ang pangalawang nagbabayad; maaaring maging available ang mga tulong kung ang ilang mga mapagkukunan gaya ng insurance o Medicare ay siningil o hindi makakapagbigay ng saklaw.